Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-7 NG NOBYEMBRE, 2001, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:10 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | PANG. PUNONG BAYAN |
| | Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | Kagawad |

## *KAPASIYAHAN BLG. 245-T'2001*

*KAPASIYAHANG SINUSUSUGAN ANG KAPASIYAHAN BLG. 059-B-T'2001 NA HUMIHILING SA KGG. PUNONG LALAWIGAN TERESITA S. LAZARO NG HALAGANG ISANG MILYON TATLONG DAANG LIBONG PISO (P1,300,000.00) UPANG MAGSILBING KARAGDAGANG GUGULIN SA PAGTATAYO NG GUSALI PARA SA MGA KATANDAAN (SENIOR CITIZENS) NG BAYANG ITO.*

*SAPAGKA'T*, pinagtibay ng Sangguniang Bayan ang Kapasiyahan Blg. 059-B-T'2001 na naglalayong humiling sa Kgg. Punong Lalawigan Teresita S. Lazaro ng halagang gugulin para sa kapakanan ng mga Senior Citizens sa bayang ito, ayon sa isinasaad sa itaas nito;

*SAPAGKA'T*, ang naturang kapasiyahan ay ibinalik sa Tanggapan ng Sangguniang Bayan upang magkaroon ng pagbabago sa halagang kailangan sa pagtatayo ng gusali para sa mga katandaan;

*SAPAGKA'T*, matapos na maiayos ang halagang kailangan at mabago ang lugar na magiging angkop upang pagtayuan ng nasabing gusali ay inirekomenda ng Tanggapan ng Lupon sa Pagawaing Bayan, Inpraestraktura, Elektripikasyon at Komunikasyon na susugan ang nabanggit na kapasiyahan.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN*: Na susugan ang nilalaman ng Kapasiyahan Blg. 059-B-T'2001 at ituwid gawing tulad ng mga sumusunod:

*KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KGG. PUNONG LALAWIGAN TERESITA S. LAZARO NG HALAGANG ISANG MILYON ANIMNARAANG LIBONG PISO (P1,600,000.00) UPANG MAGSILBING KARAGDAGANG GUGULIN SA PAGTATAYO NG GUSALI SA BLISS, BRGY. PATIMBAO, BAYANG ITO PARA SA MGA KATANDAAN (SENIOR CITIZENS), BAYAN DING ITO.*

*INIUUTOS*: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Lalawigan Teresita Lazaro, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, Zoning Officer, Pambayang Inhinyero, Pambayang Pinuno sa Kagalingang Paglilingkod at Panlipunan at Office of the Senior Citizens Affairs, lahat sa bayang ito para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan Tagapangulo

PINAGTIBAY: KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan